Australian Government
Department of Health, Disability and Ageing



# Impormasyon tungkol sa pagbabakuna laban sa COVID-19 para sa mga residente ng mga pasilidad sa pangangalaga sa matatanda (aged care home)

Ito ay kasalukuyang impormasyon mula Setyembre 2025.

Ang mga residente ng mga aged care home ay hinihikayat na tanggapin ang inirerekomenda sa kanilang bakuna laban sa COVID-19 upang maprotektahan ang kanilang sarili laban sa malubhang pagkakasakit. Ang katandaan ang pinakamalaki pa ring panganib para sa malubhang epekto ng COVID-19.

- **Ang mga matatanda na may edad 75 pataas** ay dapat magpabakuna laban sa COVID-19 kada **6 na buwan**.
- **Ang mga matatandang may edad 65 hanggang 74** ay nirerekomendahan ng isang dosis kada **12 buwan.**
- **Ang mga nasa hustong gulang na may edad 18 hanggang 64 na may malubhang kahinaan sa immune system** ay nirerekomendahan ng isang dosis kada **12 buwan.**

Bumababa ang proteksyon ng bakuna sa paglipas ng panahon, kaya't ang mga regular na dosis ay tumutulong upang mapalakas ang iyong immune system at mabawasan ang panganib ng malubhang sakit, pagpapaospital, o kamatayan.

Maaaring ibigay ang bakuna laban sa COVID-19 sa parehong araw ng taunang bakuna laban sa trangkaso.

Kung hindi ka nakapagpabakuna laban sa COVID-19 sa inirekomendang araw, mangyaring hilingin sa iyong aged home na asikasuhin na mabakunahan ka sa lalong madaling panahon.

### Paano makukuha ang inirekomendang bakuna

Ang inyong pasilidad ng aged care home ang may tungkuling tiyakin na makukuha mo ang inirekomendang dosis ng bakuna laban sa COVID-19 kapag ikaw ay karapat-dapat na para dito.

Maaari nilang ayusin ang pagbisita ng isang GP, parmasyutiko, o iba pang primary care provider upang pumunta sa iyong bahay at bigyan ka ng bakuna. Maaari kang magpabakuna laban sa COVID-19 kahit na kamakailan lang ay nagkaroon ka ng COVID-19.

### Pagbibigay ng pahintulot

Lahat ng mga residente sa aged care home ay kailangang magbigay ng wastong pahintulot bago tumanggap ng bakuna laban sa COVID-19.

Ang iyong aged care home ay responsable sa pagkuha ng iyong pahintulot upang mabakunahan.

Ibinabahagi ng mga aged care provider ang pahintulot ng mga residente sa health professional na magbibigay ng bakuna, upang ito ay maitala sa Australian Immunisation Register (AIR) [Rehistro ng Pagbabakuna sa Australy].

Alamin ang higit pa tungkol sa kasalukuyang mga rekomendasyon sa pagbabakuna sa https://www.health.gov.au/our-work/covid-19-vaccines/getting-your-vaccination

Alamin ang higit pa tungkol sa pahintulot para sa pagbabakuna laban sa COVID-19 sa https://www.health.gov.au/resources/publications/consent-for-covid-19-vaccination-for-older-people-including-aged-care-residents-families-and-carers

Ang mga kawani sa iyong aged care home ay makikipag-usap sa iyo, sa iyong guardian, o sa iyong kahaliling tagapagpasya, upang malaman kung ikaw ay magbibigay ng pahintulot na tumanggap ng bakuna laban sa COVID-19. Tutulungan ka nilang kumpletuhin ang form ng pahintulot.

### Pahintulot mula sa guardian o kahaliling tagapagpasya

Sa ilang mga kaso, maaaring kailanganin ng guardian o kahaliling tagapagpasya na magbigay ng pahintulot sa ngalan ng isang residente sa aged care home na tumanggap ng bakuna laban sa COVID-19.

Bawat estado at teritoryo sa Australya ay may kanya-kanyang mga batas at kautusan para sa pagiging guardian at kahaliling tagapagpasya. Kung ikaw ay magbibigay ng pahintulot sa ngalan ng isang residente, mangyaring sumangguni sa mga batas tungkol sa pagiging guardian na may pangmatagalang kapangyarihang magpasya (enduring guardianship) sa inyong estado o teritoryo upang matiyak na ang pahintulot ay wasto at tumutugon sa mga ligal na kahingian.

Ang aged care home ay magbibigay ng impormasyon tungkol sa bakuna upang suportahan ang may-kaalamang paggawa ng desisyon. Hinihikayat ang mga guardian na isaalang-alang ang mga nalalamang kagustuhan ng residente, mga medikal na payo, at ang mga panganib at benepisyo ng pagbabakuna kapag gumagawa ng desisyon.

## Mga Side Effect ng Bakuna laban sa COVID-19

Ang mga karaniwang banayad na side effect ng bakuna laban sa COVID-19 ay kinabibilangan ng pananakit ng ulo o bahagyang lagnat at kadalasang hindi tumatagal ng mahigit sa 24 oras.

Kung mayroon kang mga pag-aalala, mangyaring makipag-usap sa iyong GP o iba pang health professional.

## Mga uri ng bakuna

Lahat ng bakunang mabibili sa Australya ay aprubado ng Therapeutic Goods Administration (TGA) [Tagapangasiwa ng mga Produktong Paggamot] matapos ang masusing proseso ng pagsusuri.

Maaaring pag-usapan ninyo ng provider ng bakuna ang mga opsyon ng bakuna na laan para sa iyo.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang webpage ng Department of Health, Disability and Ageing [Kagawaran ng Kalusugan, Kapansanan at Pagtanda] sa https://www.health.gov.au/our-work/covid-19-vaccines/information-for-aged-care-providers-workers-and-residents-about-covid-19-vaccines/residential-aged-care-residents?language=en